Sangguniang Panglungsod

**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHAN PANGLUNGSOD BILANG 97-55 B**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG HANGARIN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT LUNGSOD NG PUERTO PRINCESA, PALAWAN NA MAGKAISA AT MAGING MAGKAPATID NA LUNGSOD (SISTER CITY ) .**

****************************************************************************

Ipinanukala nina: **Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

****************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinadhana sa Artikulo 61 (b) ng Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad sa Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, na ang lokal na yunit, sa pamamagitan ng nararapat na ordinansa ay maaaring magsama-sama, mag-ipon-ipon at pag-ugnay-ugnayin ang lahat ng kanilang mga pagsisikap, paglilingkod at mga kayamanan sa mga layuning makabubuti para sa kanilang lahat;

**SAPAGKAT,** upang ang pagkakaisa, pagkakaunawaan at pagkakaibigan ay maisulong sa pagitan ng dalawang lokal na pamahalaan, kinakailangan ang pakikipag-ugnayan ng Lungsod ng Muntinlupa sa iba't-ibang yunit ng pamahalaan;

**SAPAGKAT,** ang layuning ito ay hindi lamang makabubuti sa relasyon ng mga lokal na yunit manapa'y makapagdudulot pa ito ng palitan ng ideya, kaalamang pang-ekonomiya at pangteknolohiya, kultura at iba pang mahahalagang aspeto ng kamalayang panglipunan;

**SAPAGKAT,** isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan nito na makakamtan sa ilalim ng konsepto ng pagkakaroon ng linkages at networking sa iba't-ibang panig ng bansa;

**SAPAGKAT,** sa naganap na pagdalaw ng mga **MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD** ng Muntinlupa sa Sangguniang Panglungsod ng Puerto Princesa, Palawan, napagkasunduan ang pagpapatibay ng hangarin ng pagiging magkapatid (sister city) ng dalawang Lungsod ;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Puerto. Princesa na sumasagisag sa kalinisan, katahimikan at kaunlaran kaalinsabay sa pagpapanatili ng balanseng ekolohiya, ay malaki ang maitutulong sa kampanya ng Lungsod ng Muntinlupa na makami't din ang kaunlaran na may pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kalikasan;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang hangarin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na magkaisa at maging kapatid na lungsod (sister city) ang Pamahalaang Lungsod ng Puerto Princesa;

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod Kgg. Ignacio R. Bunye na lumagda sa Sisterhood Covenant na isasagawa sa pagitan ng Lungsod ng Muntinlupa at Lungsod ng Puerto Princesa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong 14 Hulyo 1997, sa ginanap na ika-89 na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON :**

**KGG. ~~MELCHOR R. TEVES~~**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito

**NEKITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/ Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:______________________